

Ano ang Telehealth?

Ang Telehealth ay isang medikal na pagbisita sa pamamagitan ng videoconferencing sa computer, smartphone, o tablet-o kung minsan ay isang tawag sa telepono –para makipag-uganayan sa isang healthcare provider. Ito ay nakakatulong lalo na kung ikaw ay nakatira sa malayong lugar o may kahirapan ang pagbibiyaha papunta sa isang healthcare provider.



Sa panahon ng COVID-19 public health emergency, ang telehealth ay nakakatulong na maging ligtas ang mga pasyente at mga healthcare provider sa pamamagitan ng social distancing. Kung ikaw ay may sakit, ang Telehealth ay nagagawa din nitong maeksamen ka bago ka pumunta para sa in-person visit.

TELEHEALTH

ALAM MO BA?

Mga Benepisyo

- ✓ Di na kailangang Bumiyaha
- ✓ Mas Mura
- ✓ Tipid sa Oras
- ✓ Ligtas para sa mga Pasyente, mga Provider, at mga Empleyado



Ano ang mga Serbisyon Ibinibigay ng Telehealth?

Ang Telehealth ay maaaring gamitin sa iba't-ibang healthcare services tulad ng primary care, specialty care, urgent care, prenatal care, counseling, diabetes care, substance abuse care, home care, at iba pa.

Ano Ang Dapat Kong Gawin Para Makapag-Telehealth?

Ang mga Videoconferencing app ay gumagana sa mga computer, tablet, at mga smartphone. Kailangang konektado sa Internet o sa cellular. Ilan sa mga medical provider ay gumagamit ng mga espesyal na online portal at mga app. Kung minsan, ang mga pagbisita ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng tawag sa telepono.

Maaaring may mga naitalagang lugar din sa iyong pamayanan para ma-akses ang mga serbisyo ng telehealth para sa mga walang mga gamit o internet.

Magkano ang Bayad sa Telehealth?

Ang bayad sa mga serbisyo ng Telehealth ay karaniwang hindi hihigit sa bayad ng mga in-person services. Maaari mong tawagan ang iyong health insurance plan para sa karagdagang impormasyon. Sa panahon ng COVID-19 public health emergency, karamihan sa mga kumpanya ng insurance ay hindi ka sisingilin para sa co-pay o bawas para sa mga serbisyo ng telehealth.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa website ng Pacific Basin Telehealth Resource Center sa www.pbtrc.org o tawagan ang PBTRC Help Line sa (808) 956-2514.